**Pamagat**: Ibilang Mo Iyon sa Akin

**Texto**: Philemon 1:17 "If thou count me therefore a partner, receive him as myself. (v.18) If he hath wronged thee, or oweth thee ought, put that on mine account;"

*Pagsasalin*: Kung itinuturing mo ako bilang iyong kasama, tanggapin mo siya tulad ng pagtanggap mo as akin. (v.18) Kung siya ay may pagkakasala sa iyo, o anumang pagkakautang, ibilang mo iyon sa akin.

**Panimula**:

1. Natuwa si Paulo sa mga narinig niya patungkol sa pananampalataya at pag-ibig.
2. Nais ni Paulo na sa na patawarin niya ang kanyang alipin na si Onesimus, at tanggapin siya bilang kapatid sa pananampalataya.

**I. Mga Pangyayari at mga Taong Nasasangkot:**

A. Si Filemon ay may kakayahan at yaman sa pagkat siya ay may mga alipin. Ang pang-aalipin noong panahon ay itinuturing na legal at bahagi ng lipunan, at may mahihigpit na parusa sa mga nakikialam sa karapatan ng mga may-ari ng alipin. Ngunit ang mga turo ni Jesu-Cristo at ang kapatiran ng mga Christiano ay naging positibong pwersa upang baguhin ang lipunan.

B. Si Onesimo ay alipin ni Filemon na naglayas at maari rin sabihin na nagnakaw sa kanyang amo.

C. Si Paulo ay nakabilanggo sa bahay sa Roma (Mga Gawa 28:30). Natagpuan niya si Onesimo at kinausap niya siya patungkol sa Panginoon (Philemon v.10; Mga Taga-Colosas 4:9).

D. Dahil ginagamit naman ang tahanan ni Filemon bilang iglesia o pagpupulong ng mga kapatiran, hinikayat ni Paulo si Onesimo na manumbalik sa kanyang amo at ilagay sa tama ang kanilang relasyon. Isinama ni Paulo itong sulat: Ang Sulat ni Paulo kay Filemon.

**II. Ang Larawan ng Ebanghelyo**:

A. Tayong lahat ay alipin ng kasalanan. May tatlong paraan ang pagiging alipin:

A.1. Mga paraan: Utang, Pagsakop sa digmaan o kapanganakan.

A.2. Ganito rin ang pagiging alipin ng kasalanan: Utang (Rom. 6:23); Digmaan (Rom. 5:12); Kapanganakan (Psalmo 51:5; 58:3).

B. Ngunit sa awa ng Diyos, dumating si Jesu-Cristo!

B.1. Binyaran niya ang lahat ng ating mga utang (Galatians 3:13; Rev. 5:9); Siya ang nagwagi sa digmaan laban kay Satanas (Jn. 16:33); at sa pamamagitan Niya, tayo ay maaring ipanganak sa pamilya ng Diyos (Jn. 3:3, 7; 1 Peter 1:23).

B.2. Kapag ikaw ay Christiano hindi ka na alipin ng kasalanan, ikaw ay lingkod ng Panginoon (1 Cor. 6:19-20).

C. Bilang Christiano, si Jesus ay ang ating Tagapamagitan: (1 Tim. 2:5; Rom. 8:34).

D. Makikita natin sa mga salita ni Paulo ang espiritu ng ating Tagapagligtas at Tagapamagitan: (Philemon vss.17-18: "Tanggapin mo siya tulad ng pagtanggap mo sa akin." "Kung siya ay maypagkakasala sa iyo, o anumang pagkakautang, ibilang mo iyon sa akin.")

**Katapusan**:

1. Alam ni Paulo na mapagkakatiwalaan niya si Filemon (Philemon v. 21).
2. Ganito rin ang pagtanggap ng Diyos Ama sa bawat isa sa atin. Tayo ay makasalanang tao, at walang karapatan na bumalik o manumbalik sa Panginoon, pero dahil kay Jesu-Cristo, tayo ang pinawalang-sala at ginawang matuwid kay Cristo. Tinatanggap tayo ng Ama gaya ng pagtanggap niya kay Cristo. Hindi dahil sa ating mga gawa o ugali, o sarili, kundi, dahil kay Jesu-Cristo.